Minamahal na Magulang, Tagapag-alaga, o Kabataan:

Dahil hinahangad ng distrito na ilagay ang inyong (mga) anak sa isang paaralan maliban sa pinagmulang paaralan o ang hiniling ninyong paaralan, ibinibigay namin ang packet ng impormasyong ito para ipaalam sa inyo ang inyong karapatan na umapela sa aming desisyon.

Kasamang makikita ninyo ang ang mga sumusunod:

1. Nakasulat na impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Homeless Liaison ng distrito ng paaralan at Coordinator ng Estado
2. Pagtanggap sa packet ng paglutas sa hindi pagkakasundo
3. Isang natatanggal na form na maaari ninyong kumpletuhin at ibigay sa paaralan o sa Homeless Liaison para simulan ang proseso ng hindi pinagkakasundo
4. Isang nakasulat na sunod-sunod na hakbang ng paglalarawan kung paano sumalungat sa desisyon ng distrito ng paaralan, kasama ang impormasyon
5. Nakasulat na abiso ng karapatan na mag-enroll kaagad sa paaralan kung saan hinahangad na mag-enroll na may nakabinbin na paglutas sa hindi pagkakasundo
6. Nakasulat na mga takdang panahon para sa paglutas ng mga apela sa distrito at sa estado.

Kung, sa anumang oras, ay mayroon kayong mga tanong hinggil sa proseso ng paglutas sa hindi pagkakasundo, maaari kayong makipag-ugnayan sa Homeless Liaison o sa Coordinator ng Homeless Education ng Estado, at tutulungan nila kayo sa proseso.

School District Homeless Liaison
Liaison Name
XXXXX School District
XXXX Pleasant Lane
Somewhere, WA 99999
XXX.XXX.XXXX

WA State Homeless Education Coordinator
Melinda Dyer
Office of the Superintendent of Public Instruction
PO Box 47200
Olympia, WA 98504
360.725.6050

**Pagtanggap ng Impormasyon sa Paglutas ng Hindi Pagkakasundo**

Petsa: ___________________

Ako si _______________________, ay ang magulang, tagapag-alaga, o kabataan na sinusubukang i-enroll ang aking anak/mga anak o ang aking sarili sa (mga) sumusunod na paaralan:

| Pangalan ng Bata: | (Mga) Paaralan: |
|---|---|
| _____________________________ | _____________________________ |
| _____________________________ | _____________________________ |
| _____________________________ | _____________________________ |

Natanggap ko ang paliwanag sa paglalagay ng aking anak. Kasama sa paliwanag na ito ang:

1. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Homeless Liaison ng distrito at ang Opisina ng Coordinator ng Homeless Education ng Superintendent ng Pagtuturo sa Publiko
2. Isang kopya ng proseso ng paglutas ng hindi pagkakasundo
3. Papeles na dapat kumpletuhin kung gusto kong sumalungat sa desisyon ng distrito
4. Mga instruksiyon kung paano kukumpletuhin ang papeles sa paglutas ng hindi pagkakasundo
5. Isang buod ng Mckinney-Vento Act

Naiintindihan ko na titiyakin ng distrito ng paaralan na ang aking anak/mga anak ay dadalo at ganap na lalahok sa paaralan kung saan hinahangad na mag-enroll habang isinasagawa ang proseso ng hindi pagkakasundo.

___________________________________     _____________________
Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga/Kabataan     Petsa

___________________________________     _____________________
Pirma ng Tauhan ng Distrito ng Paaralan     Petsa

Kapag natanggap ang packet para sa hindi pagkakasundo, mangyaring pirmahan ang form na ito at ibalik sa paaralan kung saan ninyo sinusubukang mag-enroll o sa Homeless Liaison ng distrito.

**Form ng Paglutas sa Hindi Pagkakasundo**

Petsa: ___________________

Natanggap ko ang paliwanag ng desisyon ng distrito sa paglalagay tungkol sa aking mga anak/sarili ko, (pangalan): ________________________________________. Hindi ako sumasang-ayon sa desisyon ng distrito sa paglalagay, at umaapela ako sa desisyon na iyon para sa mga sumusunod na dahilan:

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

Naiintindihan ko na titiyakin sa akin ng distrito na ang aking anak/ako ay magkakaroon ng pagkakataon na dumalo at lumahok sa paaralan kung saan hinahangad na mag-enroll habang isinasagawa ang tungkol sa hindi pagkakasundo.

___________________________________      _____________________
Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga/Kabataan      Petsa

___________________________________      _____________________
Pirma ng Tauhan ng Distrito ng Paaralan      Petsa

Gagamitin Lamang ng Distrito ng Paaralan:

☐ Antas I na Apela      ☐ Antas II na Apela      ☐ Antas III na Apela

**Gabay ng Magulang/Kabataan sa Paglutas ng Mackinney-Vento sa Hindi Pinagkakasundo**

Kung gusto ng magulang, tagapag-alaga, o ng kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga na umapela sa desisyon ng distrito ng paaralan hinggil sa paglalagay sa paaralan:

1. Dapat magsumite ang magulang/kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga ng kahilingan para sa form sa paglutas ng hindi pinagkakasundo sa Liaison ng distrito o sa paaralan kung saan hinahangad mag-enroll sa loob ng labinlimang **(15) araw ng negosyo** mula sa pagtanggap ng abiso ng distrito na pinaplano nilang i-enroll ang estudyante sa isang paaralan maliban sa hiniling ng magulang, tagapag-alaga, o kabataan.
2. Sa loob ng limang **(5) araw ng negosyo** nang matanggap nila ang reklamo, dapat gumawa ng desisyon ang Liaison sa reklamo at ipaalam sa magulang o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga ang kanilang desisyon nang nakasulat.

Kung hindi sumasang-ayon ang magulang o kabataan sa ginawang desisyon sa Antas 1 at gustong ilipat ang proseso ng paglutas sa hindi pagkakasundo sa Antas II, dapat abisuhan ng magulang o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga ang Homeless Liaison ng distrito ng kanilang balak na magpatuloy sa Antas II sa loob ng sampung **(10) araw ng negosyo** kapag natanggap nila ang abiso sa desisyon ng Antas I. Kung gusto ng magulang o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga na magpatuloy sa Antas II, magbibigay ang Homeless Liaison ng distrito ng package ng mga apela na kasama ang:

1. Kopya ng reklamo ng magulang o kabataan na isinampa sa Homeless Liaison ng distrito sa Antas I
2. Desisyon na ibinigay sa Antas I ng Homeless Liaison
3. Anumang karagdagang impormasyon mula sa magulang, tagapag-alaga, kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga, o Liaison.

Kung mananatiling hindi nalulutas ang hindi pagkakasundo pagkatapos ng Antas I na apela, ang magulang, tagapag-alaga, o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga ay maaaring umapela sa desisyon ng Superintendent ng distrito ng paaralan sa lugar o sa itinalaga ng Superintendent. Ang mga package ng apela mula sa Antas I na hindi pagkakasundo ay gagamitin para padaliin ang mga sumusunod:

1. Ang Superintendent o ang mga itinalaga ng Superintendent (hindi ang Homeless Liaison), ay aayusin ang isang personal na pagpupulong kasama ang magulang, tagapag-alaga o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga. Mangyayari ito sa loob ng limang **(5) araw ng negosyo** sa pag-aabiso ng magulang, tagapag-alaga o kabatan sa distrito ng kanilang balak na magpatuloy sa proseso ng Antas II na paglutas sa hindi pagkakasundo. Ang pagpupulong na ito, kapag naayos, ay kailangang mangyari nang mabilis sa lalong madaling panahon.
2. **Ang Superintendent, o itinalaga ng Superintendent ay magbibigay ng desisyon, na nakasulat, sa magulang, tagapag-alaga, o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga kasama ang sumusuportang ebidensya at mga dahilan sa loob ng limang (5) araw ng negosyo** ng pagpupulong.

Kung hindi sumasang-ayon ang magulang, tagapag-alaga, o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga sa desisyon sa Antas II at gustong ilipat ang proseso ng hindi pagkakasundo sa Antas III, ang magulang, tagapag-alaga, o kabataan na wala sa magulang o tagapag-alaga ay dapat abisuhan ang Homeless Liaison ng distrito tungkol sa kanilang balak na magpatuloy sa Antas III sa loob ng sampung **(10) araw ng negosyo** nang matanggap ang abiso ng desisyon ng Antas II. Kung nananatiling hindi nalulutas ang hindi pagkakasundo:

1. Dapat ipasa ng Superintendent ng distrito ang lahat ng nakasulat na dokumentasyon at ang may kaugnayang papeles sa OSPI Homeless Education Coordinator o itinalaga, para suriin sa loob ng limang **(5) araw ng negosyo** nang matanggap ang abiso na gusto ng magulang, tagapag-alaga, o kabataan na magpatuloy sa Antas III.
2. Ang buong pagckage ng hindi pagkakasundo kasama ang lahat ng dokumentasyon at may kaugnayang papeles ay isusumite sa OSPI sa isang kumpletong package sa pamamagitan ng hard copy na ihahatid sa sulat. Ang mga dokumento na magkahiwalay na isinumite mula sa package ng hindi pagkakasundo ay maaaring hindi suriin. Responsibilidad ng distrito na tiyakin na ang mga package ng hindi pagkakasundo ay kumpleto at handa nang suriin.
3. Ang coordinator ng OSPI Homeless Education, kasama ang naaangkop na tauhan ng OSPI, ay gagawa ng panghuling desisyon sa loob ng labinlimang **(15) araw ng negosyo** nang matanggap ang reklamo.
4. Ang panghuling desisyon ay ipapada sa Homeless Liaison ng distrito ng paaralan para ibigay sa magulang at Superintendent ng lugar.
5. Ang ginawang desisyon ng OSPI ay ang panghuling paglutas para sa paglalagay ng walang bahay na bata o kabataan sa distrito.